TALATANUNGAN NG KARAHASAN NG PAMILYA

DCSS 0048 (Tagalog) (02/09/09)

***MGA TAGUBILIN:* Kung hindi mo kukumpletuhin at ibabalik ang form na ito sa amin, ang Department of Child Support Services, o ang pederal na pamahalaan, ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong kaso sa mga korte, mga ahensya ng suporta sa bata, at posibleng sa ibang magulang ng (mga) bata o partido**

Ang iyong pangalan: _____ Numero ng Kaso: _____

Pangalan ng ibang partido: _____

SEKSYON I: Lagyan ng tsek ang angkop na kahon para sa bawat tanong.

1. Ikaw ba o ang (mga) bata sa kasong ito ay naging biktima ng karahasan sa pamilya o pang-aabuso sa bata na ginawa ng kabilang partido sa kasong ito ng suporta sa bata? ☐ Oo ☐ Hindi

2. Mayroon ka bang restraining order, kautusan sa proteksyon tuwing emerhensiya o emergency protective order o stay away order laban sa kabilang partido sa kaso ng suporta sa bata na ito? ☐ Oo ☐ Hindi
Kung oo, mangyaring maglakip ng kopya ng kautusan na ito at ibigay ang sumusunod na impormasyon:

   County/Estado: _____ Numero ng Kautusan/Docket: _____

   Petsa ng Pagkawala ng bisa: _____

3. Kung ikaw o ang (mga) bata sa kasong ito ay nakatanggap ng pampublikong tulong, gusto mo bang pag-aralan ng departamento ng kapakanan ang kasong ito upang matukoy ang pagiging karapat-dapat na isara ang kaso ng suportang ito dahil sa mas mataas na panganib ng pisikal, sekswal, o emosyonal na pinsala sa iyo o sa (mga) anak sa kasong ito, ng kabilang partido? Ito ay tinatawag na pagkakaroon ng "magandang dahilan" upang isara ang kaso ng suporta. ☐ Oo ☐ Hindi

SEKSYON II: DAPAT mong kumpletuhin ang seksyong ito kung sumagot ka ng "Oo" sa anumang item sa SEKSYON I.

Mangyaring magbigay ng detalyadong impormasyon sa karahasan sa pamilya kabilang ang mga petsa, oras, lugar, at mga saksi. (Maglakip ng karagdagang pahina kung kinakailangan).

TALATANUNGAN NG KARAHASAN NG PAMILYA

DCSS 0048 (Tagalog) (02/09/09)

SEKSYON III: Kung naaangkop mangyaring lagyan ng tsek ang kahon sa ibaba, lagdaan, lagyan ng petsa, at ibalik ang form na ito sa:

Lokal na Ahensya ng Pagsuporta sa Bata

☐ Ang pagbibigay ng aking address o iba pang impormasyon na nagpapakilala sa aking lokasyon ay maaaring makapinsala sa akin o sa (mga) bata sa kasong ito. Hinihiling ko na ang aking address o iba pang impormasyon sa pagkakakilanlan ay hindi ibigay sa kabilang partido sa kasong ito. Mananatiling may bisa ang kahilingang ito hanggang sa ipaalam ko sa lokal na ahensiya ng suporta sa bata **sa pamamagitan ng sulat** na maaari na nilang ibigay ang aking impormasyon, at sasabihin sa akin ng lokal na ahensya ng suporta sa bata na natanggap nila ang aking kahilingan. Nauunawaan ko na sa ilalim ng pederal na batas, ang isang awtorisadong tao ay maaaring gumawa ng nakasulat na kahilingan sa hukuman na may hurisdiksyon na gumawa o magpatupad ng suporta sa bata o mga pagpapasya sa pagbisita, para sa pagpapalabas ng aking impormasyon. Ipapaalam sa akin ng lokal na ahensiya ng suporta sa bata sa pamamagitan ng sulat kung iuutos ng hukuman ang pagpapalabas ng anumang impormasyon sa aking kaso.

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang nabanggit ay totoo at tama.

IPRINTA ANG PANGALAN	LAGDA	PETSA

PAUNAWA SA PRIBASIYA

Ang Information Practices Act of 1997 (Civil Code §1798.17) at ang Federal Privacy Act of 1974 (Title 5, United States Code §552a(e)(3), §7 Note) ay nangangailangan na ang paunawa na ito ay ibigay kapag nangongolekta ng personal na impormasyon mula sa mga indibidwal. Ang impormasyon na hiniling sa form na ito ay ginagamit ng Department of Child Support Services at mga lokal na ahensya ng suporta sa bata para sa layunin ng pag-iingat ng impormasyon mula sa pagsisiwalat sa mga sitwasyon sa domestikong pang-abuso at/o abuso sa bata. Ang impormasyong ibibigay mo ay maaaring ibigay sa pederal na pamahalaan, at iba pang pampublikong ahensya sa lawak na kinakailangan ng batas. Ang pagkabigong ibigay ang impormasyong ito ay maglilimita sa kakayahan ng DCSS na pangalagaan ang iyong impormasyon.

Ang opisyal ng ahensya na responsable para sa pagpapanatili ng form ay: **DCSS Records Officer, PO Box 419064, MS-110, Rancho Cordova, CA 95741, numero ng fax (916) 464-5069**. Kabilang sa mga legal na sanggunian na nagpapahintulot sa pangangalap at pagpapanatili ng personal na impormasyong ito ang Title 22 California Code of Regulations §§112110(h), 112300, 112301, at 112302, gayundin ang Family Code §17212. Ang mga kopya ng form na ito ay pinananatili sa mga kumpidensyal na file ng Department of Child Support Services o lokal na mga ahensya ng suport sa bata sa loob ng 4 na taon at 4 na buwan pagkatapos ng pagsasara ng iyong kaso ng suporta sa bata. May karapatan kang ma-access ang form na ito kapag hiniling sa pamamagitan ng **pag-fax sa (916) 464-5069**.

Kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin tungkol sa abisong ito, mangyaring tawagan kami sa (866) 901-3212.